Recent Filipino Books – Sept 2022

Mary Martin Booksellers Pte Ltd
Blk 231, Bain Street
#03-05, Bras Basah Complex
Singapore 180231
Tel : +65-6883-2284/6883-2204
info@marymartin.com
www.marymartin.com

## Biography/Memoirs

Pugad Para Sa Aking Special Child, At Iba Pang Pugad / Fanny A. Garcia
Quezon City: Bughaw (Ateneo De Manila University Press), 2022
xzxvi, 274p.
9786214481934
$ 28.00 / PB
418gm.

Kapag may matitinding nagaganap sa kasalukuyan lalo pa nga ba sa mismong kinapapalooban o malapit na kapaligiran, mas lumalantad ang ugnayan ng personal at politikal, ng pribado at publiko. May ganitong nilalaman at katangian ang aking librong Pugad para sa Aking Special Child, at Iba pang Pugad. – Fanny A. Garcia, awtor.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833889**
-------------------------------------------------------------------------------------

## Cinema/Film Studies

Mga Screenplay Ni Ricky Lee, Volume 1 : Brutal Moral Karnal / Ricky Lee
Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2022
360p.
9789715068901

1. Philippine drama (Filipino).

$ 35.00 / PB
374gm.

Sa unang pagkakataon, tinipon sa isang koleksyn ang tatlo sa mga tanyag na screenplays ni Ricky Lee noong mga unang araw niya sa industriya. Matataguriang mga klasiko sa Sineng Pilipino, ang mga akda ay naisapelikula at hinulma ng batikang direktor na si Marilou Diaz-Abaya (na ginawaran din ng titulong Pambansang Alagad ng Sining sa Pelikula), at ginampanan ng mga kilalang pangalan sa sining.
Ito ay ang unang tomo sa serye ng mga screenplays ni Ricky Lee na ilalathala ng UST Publishing House.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833891**
-------------------------------------------------------------------------------------
Mga Screenplay Ni Ricky Lee, Volume 2 : Himala Cain at Abel Salome / Ricky Lee
National Artist for Film and Broadcast Arts
Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2022
324p.
9789715068949

1. Philippine drama (Filipino).

$ 35.00 / PB

444gm.

Ilan sa mga nakatrabaho ni Ricky Lee bilang scriptwriter noong tinaguriang Second Golden Age of Philippine Cinema (1970s-1980s) ay sina Lino Brocka, Ishmael Bernal, at Laurice Guillen. Nasa volume na ito ng mga screenplay ni Ricky ang ilan sa mga naging collaborations nila.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833892**
-----------------------------------------------------------------------------------

Comics/Graphic Novels

Dawwang : Kababaihang Tagapagtanggol ng Kordilyera / Nina Martinez
Metro Manila: Gantala Press, 2021
1v.
$ 25.00 / PB
156gm.

Book Details:
Si Leticia 'Tining' Bula-at ay mula sa grupong Naneng sa probinsiya ng Kalinga. Noong dekada '70, may bantang lunurin ng proyektong Chico River Dam ni Presidente Ferdinand Marcos at ng World Bank ang ili ng mga Naneng at iba pang ili sa Kordilyera. Dalawampu't walong anyos si 'Nay Tining nang dumating ang National Power Corporation at Philippine Constabulary sa kanilang bayan para simulan ang pagtatayo ng dam. Linabanan ito ng mga umili: nagtayo sila ng mga barikada, binaklas nila ang mga kampo, at direkta nilang hinarap ang mga sundalo. Sa kabila ng pisikal at sikolohikal na karahasan, nagpatuloy ang kilos-protesta ng pamayanan, at nakansela ang dam ni Marcos. Sa kasalukuyan, patuloy ang pakikibaka nina 'Nay Tining at iba pang kababaihang tagapagtanggol ng Kordilyera laban sa mga korporasyon at mapanirang mga proyekto ng gobyerno sa Ilog Chico at mga karatig-lugar. Ang DAWWANG (salita ng mga Naneng para sa "ilog") ay bersiyon sa Filipino ng komiks na ito na nilathala bilang LET THE RIVER FLOW FREE (Ingles) at LASST DEN FLUSS FLIESSEN (Aleman) sa ilalim ng proyektong Movements and Moments: Feminist Generations ng Goethe Institut-Indonesien.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833895**
-----------------------------------------------------------------------------------

Cookbooks

Lutong Gipit : Mga Recipe Sa Panahon Ng Krisis / Amihan National Federation of Peasant Women (Drawings/Illustrator) Yssa Brila (et al.)
Amihan National Federation of Peasant Women, Rural Women Advocates & Gantala Press, 2021
64p.
$ 15.00 / PB
72gm.

Itinatampok sa cookbook na ito ang mga karaniwang inihahandang ulam ng kababaihang pesante sa gitna ng pandemya, militaristang lockdown, at kawalan ng ayuda. Sinasalamin ng mga recipe ang kagipitang nararanasan nila sa kasalukuyan. Inipon ng Amihan Women ang mga recipe mula sa Cavite, Laguna, Lupang Ramos, Rizal, at Iloilo, at pinagtulungang isalin sa libro kasama ang Rural Women Advocates - RUWA at Gantala Press. Makiisa tayo sa panawagan nila para sa sapat na ayuda, lupa, at hustisya!
**http://www.marymartin.com/web?pid=833896**
-----------------------------------------------------------------------------------------------------

Literature

Pilipinas Kong Mahal with All The Overcoat at Iba Pang Mga Dula / Eljay Castro Deldoc

Bacoor City: Isang Balangay Media Productions, 2022
314p.
9786219612685
$ 55.00 / PB
774gm.

PILIPINAS KONG MAHAL WITH ALL THE OVERCOAT is an anthology of four one-acts and a full-length play that attempt to strip the Philippines of all its multi-faceted trickery and deception. The themes of these scripts include digital misinformation and historical revisionism, environmental and cultural degradation, queer narratives, and farcical criticisms on health and education. Three of these plays were first mounted in The Virgin Labfest, an acclaimed laboratory festival of untried and untested plays by the Cultural Center of the Philippines.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833897**
------------------------------------------------------------------------------------
Sulatan Sa Panahon Ng Pademya / Merlinda Bobis, Mailin Paterno & Jo Barrios
Metro Manila: Gantala Press, 2022
258p.
9786219651363
$ 35.00 / PB
490gm.

Apatnapu't walong liham ng dalawampu't apat na mga Filipina mula hilaga hanggang timog ng Pilipinas (Cordillera—Marawi) at hilaga (USA) hanggang timog (Australia) din ng mundo. Heto ang kanilang kuwentuhan, hingahan ng loob, at palitan ng tatag, tibay at tapang — at higit sa lahat, pagkalinga sa pamilya, kaibigan, komunidad, bayan at planeta.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833942**
------------------------------------------------------------------------------------
Agua :  Kalipunan Ng Tula  / Enrique S. Villasis
Second Edition
Philippines: Librong Lira, 2022
92p.
9786219515887
$ 20.00/ PB
182gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833945**
------------------------------------------------------------------------------------
Mga Tula : Ang Kartorapiya ng Pagguho / Ralph Fonte
Quezon City: Bughaw (Ateneo De Manila University Press), 2022
264p. ; 18cm.
9786214481804
1. Filipino poetry.

$ 25.00 / PB
352gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833971**
------------------------------------------------------------------------------------
Saglit : Alaala't Muni / Rofel G. Brion
Quezon City: Bughaw (Ateneo De Manila University Press), 2022
262p. ; 23cm.
9786214482054
1. Filipino essays.
2. Travel – Essays.
3. Life – Essays.

$ 28.00 / PB
298gm.

Sa mga personal na sanaysay, naitatala ni Rofel G. Brion ang buhay sa pang-araw-araw nitong anyo—ang mga pakikipagkita niya sa mga kaibigan, pagsakay ng tren pauwi mula sa trabaho, pagdiriwang ng kaarawan at kasal, paglalakbay sa loob at labas ng bansa—kung saan namamalas ang kagila-gilalas sa mga pangkaraniwan. Malinaw at masinsin, taglay ng Saglit: Alaala't Muni ang mga meditasyon ng awtor hinggil sa panahon at kawalan, mga tagpo sa buhay at mga pagkawalay, at ang mumunting ligaya sa bawat sandaling tigib ng talinghaga.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833972**
-------------------------------------------------------------------------------------
Sa Aking Henerasyon : Mga Tula at Saling-Tula / Kerima Lorena Tariman
Metro Manila: Gantala Press, 2022
400p.
9786219651356
$ 50.00 / PB
732gm.

Ang Sa Aking Henerasyon: Mga Tula at Saling-Tula ay isang tula na compilation ng rebolusyonaryong makata na si Kerima Lorena Tariman na kinabibilangan ng tatlong nalimbag na koleksyon, iba pang mga tula, at ang kanyang mga salin ng mga tula mula sa iba pang manunulat at ilan sa kanyang sarili. Ito ay nagmamapa ng kanyang mga gawa mula high school hanggang kolehiyo hanggang sa kanyang mapanganib na paglalakbay bilang isang aktibista bago niya nakilala ang kanyang hindi napapanahong pagkamatay noong 2021. Ang kanyang mga salita bilang isang manunulat at mga pagsisikap bilang isang rebelde ay magkakaugnay, na parehong naging kanyang mapayapang ngunit makapangyarihang mga pagtatangka para sa pagpapalaya.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833973**
-------------------------------------------------------------------------------------
Pana-Panahon : Tinipong Mga Tula / Aida F. Santos
Metro Manila: Gantala Press, 2019
xviii, 148gm.
9786219566360
$ 25.00 / PB
222gm.

Mahalaga at malaking bahagi ng tradisyon ng feministang panulaang Pilipino ang mga tula ni Aida F. Santos. Ibinubukas at pinaiilanlang ng kanyang mga tula ang mga himagsik, pakikibaka, pagpupunyagi, tagumpay, kabiguan, pangarap, at lahat ng mga danas ng mga naunang makatang babae upang malaman, maunawaan, at madama ng mga makata at manunulat ng kasalukuyang panahon. Ang antolohiyang ito ay isang paanyayang makidama tayong lahat sa danas at kasaysayan ng mga makatang feminista habang hinahawan nila ang daan upang maging mas maalwan ang landas na ating tinatahak/tatahakin. – Rowena P. Festin
**http://www.marymartin.com/web?pid=833974**
-------------------------------------------------------------------------------------
Paspas Mga Kuwentong Siyudad ni Vincent Jan Cruz Rubio(1980-2009) / Reagan Romero Maiquez, Hilda Posca Nartea & Kim Nepomuceno
Quezon City: The University of the Philippines Press, 2022
The Philippine Writers Series 2022
xxiv, 130p.

1. Short stories, Filipino.
2. Rubio, Vincent Jan Cruz – Literary collections.

$ 20.00 / PB

254gm.

Paano kung gayon isusulat si Vincent Jan Cruz Rubio, o VJ sa mga kaibigan, kung ang kanyang istorya ay di pa tapos? Saka wala naman talagang natatapos na kuwento sa totoong buhay na hindi sinasalitan ng mga dapat at sana. Maikling panahon lang ang kanyang inilagi sa mundo pero masasabing ganap niyang tinamasa ang buhay. Ganoon pa man ay may iniwan siyang ambag sa atin, ang maikling koleksiyong ito ng kanyang mga naisulat. Si VJ, gusto lamang niyang maging manunulat. Iyon ang ekspresyon niya ng paghahanap ng kahulugan. Sa kanyang mundo ng imahinasyon, nagtatagumpay ang mga bida. Nabibigo ang masasama. Pinagtatawanan niya ang kahibangan ng power. Sinisikhayan niya ang ipinunlang pag-asa. May buhay siyang binubuo sa kanyang mga akda. Dito'y napipino niya ang magulong realidad ng kanyang lipunan. Kaya nga may artist ang lipunan, para may mag-ayos ng gulo sa kapaligiran. Sapagkat marahas ang totoong buhay, kailangan ng malikhaing imahinasyon, kailangan ng mga artist na magbibigay ng rhyme and reason, ng alternatibong pananaw sa kinagisnan. —Jun Cruz Reyes, PhD
**http://www.marymartin.com/web?pid=833975**
------------------------------------------------------------------------------------
El Arbol de la Alegria, Southern Quartet 1 / RM Topacio-Aplaon
Bacoor City: Isang Balangay Media Productions, 2022
220p.
9786219612692
$ 50.00 / PB
402gm.

Ganitong humimig ang hangin para sa pirming napapagal: malamyos, banayad, tila dambuhalang politonong nakakubli sa wangis ng monotonong marahan, isang paghilot sa sentidong ayaw munang dumilat.
Isang arboretum sa pusod ng trosohan, sa mga bituka nito nakasiksik ang pinag-ugatang mga kasalanan, sa pisngi nakasulat ang mga paniniphayo't dapat itatwa. Sa lalamunan nito'y pirming panauhin: isang taong hahanapin ang paglaya sa kalapit na nakaraang kailangang kalkalin nang tuluyan, sa malayong nagdaang hindi mawawaglit kailanman, at sa pangmusmos na larong kaniya at kaniya lamang: ang payak na pakiramdam ng pagkakaroon ng engrandeng distansiya mula sa lupa, sa itaas, mas matayog pa sa dakilang abot-tanaw, gamit ang balanse hatid ng mga brasong itinuturo ang silangan at kanluran, ng iskierda't deretsa—lahat ito sa kawalan ng ambisyon at pagnanasang sumilip sa malayong kinabukasan. Ito, kung susumahin, ay oda para sa maringal na ngayon, sa marabiyosang kasalukuyan.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833976**
------------------------------------------------------------------------------------
Si Amapola Sa 65 Na Kabanata / Ricky Lee
Quezon City: Philippine Writers Studio Foundation, Inc., 2021
384p.
9789719430728
$ 20.00 / PB
340gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833977**
------------------------------------------------------------------------------------
Sapantahang Wika / Virgilio S. Almario
Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2022
220p.
9789715068956
1. Philippine poety (Filipino).
2. Filipino poetry.

$ 26.00 / PB

342gm.

Magkakatulad ba ang "kahulugán," "kabuluhán," at "katuturán"? Ano ang kaibhan ng "munì" sa "nílay," ng "pagtarók" sa "paghulò," ng "hakà" sa "hinuhà"? Bakit mas matindi ang lungkot sa "pighatî" kaysa "lumbáy"? Paano tinitimbang ang "bayani" sa sinaunang balangay?
Ilan lámang ito sa sinikap ipaliwanag ni National Artist Virgilio S. Almario sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa sinaunang bait at taal na karunungang maaaring matuklasan sa ating wika. Tinitigan lámang V.S. Almario ang ilang salitâ at kung paano ito ginámit sa ilang piraso ng akda noon, ngunit upang tanglawan sa atin ang mga mga orihinal na hálagáhan (ang pantumbas niya sa values at upang ibukod sa pagpapahalagá o appreciation) at kung paano ito binaluktot ng ating kolonyal na karanasan, at upang kung sakalì ay higit na wasto nating makasangkapan sa ating muling-pagkatha ng ating bayan. Nagsisilbi din itong panimulang pagbuo ng isang pilosopiyang pangwika at patnubay sa paglinang ng ating pambansang kasaysayan at pamumunang pangkultura.
Ang mga sanaysay sa aklat na ito ay bahagi ng pagsipat at pagtitig ni V.S. Almario sa mga potensiyal ng Filipino bílang wika ng makabayang saliksik at mga siyentipikong adhika para sa ating Wikang Pambansa.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833996**
-------------------------------------------------------------------------------------
Isang Dalumat ng Panahon / Christian Jil R. Benitez
Quezon City: Ateneo De Manila University Press, 2022
360p.
Includes Index
9786214482030
1. Filipino language – History and criticism.
2. Filipino language – Study and teaching.
3. Philippine literature – History and criticism.

$ 35.00 / PB
538gm.

Ang Isang Dalumat ng Panahon ay isang tangka sa diskursong teoretiko hinggil sa rendisyon ng temporalidad na maituturing na "Filipino." Bilang pangunahing tuon at pamamaraan nito, bumabaling ang aklat sa panitikan, sa kritikal na pagbasa nito sa iba't ibang teksto tulad ng mga talang pandiksiyonaryo, mga pag-aaral sa larang ng araling Filipino, at mga tula. Mula sa mga ito, umuusbong ang pagpapahalaga sa panahon bilang dalumat ng pagkakataon para sa mga bagay upang maging anupaman. Higit na pinalalawig ang ganitong pagtataya sa pagsasaalang-alang sa iba pang mga kakawing na kaisipan, tulad ng alamat at kasaganaan; materyalidad at dating ng mga bagay; tropo at tropikalidad; kontemporaneidad at kasaysayan; at pag-ibig at talinghaga. Sa gayon, isinasanay ng aklat ang isang mungkahi, kung hindi man panibagong, wika upang mapag-usapan ang panahon, sampu ng partikular na paggana nito sa mundong Filipino.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833980**
-------------------------------------------------------------------------------------
Palayain Ang Aking Nana! / China De Vera (Illustrator) Ilena Saturay
Metro Manila: Gantala Press, 2022
1v.
$ 15.00 / PB
80gm.

Written by China De Vera and illustrated by Ilena Saturay, *Palayain Ang Aking Nanay* is the story a child whose mother is a political prisoner. Based on the real life experience of activist and peasant organizer Amanda Echanis and her one-year old son Randall, who is detained with her, the book is part of campaign by Free Amanda Echanis Network (FAEN). Echanis was arrested on December 2,

2020, less than a month after giving baby to her baby. Both mother and son are being held at the Cagayan Provincial Jail in Tuguegarao on charges of possession of firearms and explosives.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833983**

-------------------------------------------------------------------------------------

SALOOBIN: Mga Akda ng/Para sa Kababaihang Bilanggong Pulitikal / Reina Mae Nasino (et al.)
Metro Manila: Gantala Press & KAPATID-Families and Friends of Political Prisoners, 2021
150p.
English & Filipino Languages
9786219566391
$ 25.00 / PB
216gm.

Book Details:
This collection of poems, prose, and artworks by women political prisoners, their friends and families, and human rights advocates was produced to help support the daily needs and survival of political prisoners across the country.
***
Ang koleksyong ito ng mga tula, tuluyan, at mga likhang sining ng mga babaeng bilanggong pulitikal, kanilang mga kaibigan at pamilya, at mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao ay ginawa upang tumulong sa pagsuporta sa pang-araw-araw na pangangailangan at kaligtasan ng mga bilanggong pulitikal sa buong bansa.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833984**

-------------------------------------------------------------------------------------

## Religion-Christianity

Sinasamahan Tayo Ng Poong Hesus Nazareno : Mga Tula At Kathang-Isip Sa Taon K Kasama Si San Lucas / Hernando M. Coronel (Ed) Jesselynn G. de la Cruz
Quezon City: Reyes Publishing, 2022
116p.
9789715750707
$ 25.00/ PB
260gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=833999**

-------------------------------------------------------------------------------------

Minamahal Tayo Ng Poong Hesus Nazareno : Mga Tula At Kathang-Isip Sa Taon A Kasama Si San Mateo / Hernando M. Coronel (Ed) Jesselynn G. de la Cruz
Quezon City: Reyes Publishing, 2021
92p.
9789715750684
$ 25.00/ PB
214gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=834002**

-------------------------------------------------------------------------------------

Ginagabayan Tayo Ng Poong Hesus Nazareno : Mga Tula At Kathang-Isip Sa Taon B Kasama Si San Marcos / Hernando M. Coronel (Ed) Jesselynn G. de la Cruz
Quezon City: Reyes Publishing, 2022
104p.
9789715750691
$ 25.00/ PB
234gm.
**http://www.marymartin.com/web?pid=834004**

-------------------------------------------------------------------------------------